9

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO



**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Gilbert L. Bernido, Teacher I, MNHS-Tunasan Annex |
| **Illustrators:** | Eva Inosa, Officer-In-Charge, PEDHS |
| **Layout Artists:** | Gilbert L. Bernido, Teacher I, MNHS-Tunasan Annex |
| **Content Editors:** | Lilibeth C. Fernecita, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Language Editors:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City |
| | Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Madeline Ann L. Diaz, CID Chief SDO-Muntinlupa City |
| | Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino |
| | Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR |
| | Nelia G. Abejar, SDO Coordinator, Filipino |
| | Dr. Gina U. Urquia, LR EPS SDO-Muntinlupa City |
| | Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |
| | May L. Borjal, PDO SDO-Muntinlupa City |
| | Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili)**

| Aralin 6 | Pagbibigay Katangian sa Itinuturing na Bayani sa Kanlurang Asya |
|---|---|

## Inaasahan

- Nabibigyang katangian ang isa sa mga itinuturing na bayani ng alinmang bansa sa Kanlurang Asya (F9PT-IIIg-h-54)

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Bilugan ang titik ng wastong sagot.

1. Ang tawag sa kabayanihan, katapangan at pakikipagsapalaran ng isang tauhan sa Epiko.
   A. Antagonista
   B. Protagonista
   C. Bayani
   D. Artista

2. Ang epiko ay isang akdang nagsasalaysay tungkol sa ____________ ng pangunahing tauhan.
   A. Pakikipagkaibigan
   B. Pagsusumikap
   C. Pangarap
   D. Pakikipagsapalaran


3. Isa sa mga pangunahing kaibahan ng epiko sa iba pang akdang pampanitikan.
   A. May isang kakintalan
   B. Maraming Persona
   C. Limitado ang tauhan
   D. Makapangyarihang tauhan

4. Ang epiko ay anyong pampanitikan na ______________.
   A. Tuluyan
   B. Pormal
   C. Patula
   D. Impormal

5. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng katangian ng pangunahing tauhan sa epiko?
   A. Karamihan ay nagtataglay ng di-pangkaraniwang kapangyarihan.
   B. Namumuno at nagtatagumpay sa sinumang kaaway.
   C. May kakayahang harapin ang mga hamon sa buhay para sa patuloy na pag-unlad.
   D. Nakikipagsapalaran lamang para sa adhikaing makapaghiganti

## Balik-tanaw

**Panuto:** Punan ng mga salita o impormasyong iyong natutuhan sa nagdaang aralin.




Pokus na Tanong:

Ano-anong kultura ang masasalamin o makikita sa mga akdang epiko?

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

Sa iyong paggalugad sa malawak at makulay na mundo ng panitikan, batid kong marami-rami na rin ang iyong nabasa at kinagiliwang kwento tulad ng mga kwentong epiko kung saan nasaksihan mo ang naging paglalakbay ng isang itinuturing na bayani. Gaya ng mga bayani sa iyong binasang epiko, makikilala mo sa araling ito ang isang itinuturing na bayani sa Kanlurang Asya.

Sa iyong gagawing pagbabasa ay mainam na pagtuunan mo ng pansin ang mga katangian ng bayaning iyong makikilala at sikaping maiugnay ito sa mga katangian ng bayani sa isang epiko.

*http://filipinoforfilipinos.blogspot.com/2016/06/mohandas-karamchand-gandhi-talambuhay.html*

**Mula sa Epiko ni Gilgamesh**
salin sa Ingles ni N.K. Sandars
saling-buod sa Filipino ni Cristina S. Chioco

1. Nagsimula ang epiko sa pagpapakilala kay Gilgamesh, ang hari ng lungsod ng Uruk, na ang dalawang katlo ng pagkatao ay diyos at ang sangkatlo ay tao. Matipuno, matapang, at makapangyarihan. Ngunit mayabang siya at abusado sa kaniyang kapangyarihan. Dahil sa kaniyang pang-aabuso, patuloy na nananalangin ang kaniyang mga nasasakupan na nawa'y makalaya sila sa kaniya.

2. Tinugon ng diyos ang kanilang dasal. Nagpadala ito ng isang taong kasinlakas ni Gilgamesh, si Enkido, na lumaking kasama ng mga hayop sa kagubatan. Nagpang-amok ang dalawa nang sila ay magkita. Nanalo si Gilgamesh. Ngunit sa bandang huli ay naging matalik na magkaibigan sila. Di naglaon ay naging kasa-kasama na ni Gilgamesh si Enkido sa kaniyang mga pakikipaglaban. Una, pinatay nila si Humbaba, ang demonyong nagbabantay sa kagubatan ng Cedar. Pinatag nila ang kagubatan. Nang tangkain nilang siraan ang diyosang si Ishtar, na nagpahayag ng pagnanasa kay Gilgamesh, ipinadala nito ang toro ng Kalangitan upang wasakin ang kalupaang pinatag nila bilang parusa. Nagapi nina Gilgamesh at Enkido ang toro. Hindi pinahintulutan ng mga diyos ang kanilang kawalan ng paggalang kaya itinakda nilang dapat mamatay ang isa sa kanila, at iyon ay si Enkido na namatay sa matinding karamdaman.

3. Habang nakaratay si Enkido dahil sa matinding karamdaman, sa sama ng loob ay nasabi niya sa kaniyang kaibigan ang ganito: "Ako ang pumutol sa punong Cedar, ako ang nagpatag ng kagubatan, ako ang nakapatay kay Humbaba, at ngayon, tingnan mo kung ano ang nangyari sa akin. Makinig ka kaibigan, nanaginip ako noong isang gabi. Nagngangalit ang kalangitan at sinagot ito ng galit din ng sangkalupaan. Sa pagitan ng dalawang ito ay nakatayo ako at sa harap ng isang taong ibon. Malungkot ang kaniyang mukha, at sinabi niya sa akin ang kaniyang layon. Mukha siyang bampira, ang kaniyang mga paa ay parang sa leon, ang kaniyang mga kamay ay kasintalim ng kuko ng agila. Sinunggaban niya ako, sinabunutan, at kinubabawan kaya ako ay nabuwal. Pagkatapos ay ginawa niyang pakpak ang aking mga kamay. Humarap siya sa akin at inilayo sa palasyo ni Irkalla, ang Reyna ng Kadiliman, patungo sa bahay na ang sinumang mapunta roon ay hindi na makababalik

4. Sa bahay kung saan ang mga tao ay nakaupo sa kadiliman, alikabok ang kanilang kinakain at luad ang kanilang karne. Ang damit nila'y parang mga ibon na ang pakpak ang tumatakip sa kanilang katawan, hindi sila nakakikita ng liwanag, kundi pawang kadiliman. Pumasok ako sa bahay na maalikabok, at nakita ko ang dating mga hari ng sandaigdigan na inalisan ng korona habang buhay, mga makapangyarihan, mga prinsipeng naghari sa mga nagdaang panahon. Sila na minsa'y naging mga diyos

tulad nina Anu at Enlil ay mga alipin ngayon na tagadala na lamang ng mga karne at tagasalok ng tubig sa bahay na maalikabok. Naroon din ang mga nakatataas na pari at ang kanilang mga sakristan. May mga tagapagsilbi sa templo, at nandun si Etana, ang hari ng Kish, na minsa'y inilipad ng agila sa kalangitan. Nakita ko rin si Samugan, ang hari ng mga tupa, naroon din si Ereshkigal, ang Reyna ng Kalaliman, at si Belit-Sheri na nakayuko sa harapan niya, ang tagatala ng mga diyos at tagapag-ingat ng aklat ng mga patay. Kinuha niya ang talaan, tumingin sa akin at nagtanong: "Sino ang nagdala sa iyo rito? Nagising akong maputlang-maputla, naguguluhan, tila nag-iisang tinatahak ang kagubatan at takot na takot."

5. Pinunit ni Gilgamesh ang kaniyang damit, at pinunasan niya ang kaniyang luha. Umiyak siya nang umiyak. Sinabi niya kay Enkido, "Sino sa mga makapangyarihan sa Uruk ang may ganitong karunungan? Maraming di-kapani-paniwalang pangyayari ang nahayag. Bakit ganyan ang nilalaman ng iyong puso? Hindi kapani-paniwala at nakatatakot na panaginip. Kailangan itong paniwalaan bagaman ito'y nagdudulot ng katatakutan, sapagkat ito'y nagpapahayag na ang matinding kalungkutan ay maaaring dumating kahit sa isang napakalusog mang tao, na ang katapusan ng tao ay paghihinagpis." At nagluksa si Gilgamesh. "Mananalangin ako sa mga dakilang diyos dahil ginamit niya ang aking kaibigan upang mahayag ang kasasapitan ng sinoman sa pamamagitan ng panaginip."

6. Natapos ang panaginip ni Enkido at nakaratay pa rin siya sa karamdaman. Araw-araw ay palala nang palala ang kaniyang karamdaman. Sinabi niya kay Gilgamesh, "Minsan ay binigyan mo ako ng buhay, ngayon ay wala na ako kahit na ano." Sa ikatlong araw ng kaniyang pagkakaratay ay tinawag ni Enkido si Gilgamesh upang siya'y itayo. Mahinang-mahina na siya, at ang kaniyang mga mata ay halos di na makakita sa kaiiyak. Inabot pa ng sampung araw ang kaniyang pagdadalamhati hanggang labindalawang araw. Tinawag niya si Gilgamesh, "Kaibigan, pinarusahan ako ng mga dakilang diyos at mamamatay akong kahiya-hiya. Hindi ako mamamatay tulad ng mga namatay sa labanan; natatakot akong mamatay, ngunit maligaya ang taong namatay sa pakikipaglaban, kaysa katulad kong nakahihiya ang pagkamatay." Iniyakan ni Gilgamesh ang kaniyang kaibigan.

7. Pinagluksa ni Gilgamesh ang pagkamatay ng kaniyang kaibigan sa loob ng pitong araw at gabi. Sa huli, pinagpatayo niya ito ng estatwa sa tulong ng kaniyang mga tao bilang alaala.

http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/07/epiko-ni-gilgamesh.html

Isa sa mga pangunahing kaibahan ng epiko sa iba pang akda ay ang mga tauhang binibigyang-buhay rito. Mapapansing halos karamihan ng pangunahing tauhan sa epiko ay nagtataglay ng supernatural o di-pangkaraniwang kapangyarihan. Bagaman sa kasaysayan ng isang bansa ang mga tauhan ay karaniwan lamang ngunit dahil sa kaniyang pamumuno ng isang kapulungan, ang tungkulin niyang ipagtanggol ito ay kadakilaan, at ang kaniyang pagtatagumpay laban sa sinumang kaaway ay kabayanihan at siya ay bayaning tatanghalin at kikilalanin.

**Gabay na Tanong:**

1. Naging mabuti bang kaibigan si Gilgamesh kay Enkido?
2. Anong katangian ni Enkido ang naging kahanga-hanga bilang isang mabuting kaibigan?
3. Kung ikaw si Gilgamesh, ano mararamdaman mo sa pagkamatay ni Enkido?
4. Kung ikaw si Enkido, nanaisin mo bang maging kaibigan si Gilgamesh?
5. Paano ipinapakita sa Epiko ni Gilgamesh ang kultura ng bansang pinagmulan nito?
6. Ano ang mensahe ng akda tungkol sa;
   a. pagkakaibigan
   b. pamumuno
   c. karunungan

## Gawain

**Gawain 1**

**Panuto:** Batay sa binasa, tukuyin ang mga katangian ni Gilgamesh kung bakit siya itinuring na isang bayani sa Epiko.



Katangian:

Paliwanag:

Katangian:


Paliwanag:

Katangian:

Paliwanag:

**Gawain 2**

**Panuto:** Sa pamamagitan ng VENN DIAGRAM ipakita ang pagkakaiba at pagkakatulad ng dalawang tauhan sa Epiko ni Gilgamesh.




**Gawain 3**

**Panuto:** Magbigay ng mga kilalang personalidad sa ilan sa mga bansa sa Kanlurang Asya na naging bayani. Itala ang kanilang mga nagawa kung bakit sila itinuring na bayani. Gumupit ng larawan at idikit sa loob ng kahon.

| | **MGA NAGAWA** |
|---|---|
| Larawan | |
| Pangalan | |

| Larawan | **MGA NAGAWA** |
|---|---|
| Pangalan | |

| Larawan | Mga nagawa |
|---|---|
| Pangalan | |

## Tandaan

- Samakatuwid ang pangunahing tauhan sa epiko ay itinuturing na bayaning may kakayahang kalabanin ang mga hamon ng buhay para sa patuloy na pag-unlad ng komunidad na kanilang kinabibilangan. Gayundin, ang mga tunay na bayaning Asyano na nakipagsapalaran at nakipaglaban para sa iniingatang kultura ng bansa.

- Ang pangunahing tauhan o bayani ay kailangang magkaroon ng mahalagang suliraning pagsisikapan niyang lutasin sa kabila ng mga hadlang o sagabal.

## Pag-alam sa Natutuhan

**Panuto:** Kung ikaw ay magiging pangunahing tauhan sa epiko, punan mo ng impormasyon ang *character profile* na makikita sa ibaba.

Larawan

Pangalan:______________________________________________________________

Kapangyarihan:__________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

Kalakasan:

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

______________________________________________________________

Pakikipagsapalaran:

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

__________________________________________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Tukuyin kung ang pahayag ay **Tama o Mali**. Salungguhitan ang salitang dapat iwasto sa pahayag.

________1. Kung susuriin, iilan lamang sa mga tauhan ng epiko ang nagtataglay ng kapangyarihan.

________2. Ang bayani sa epiko at sa tunay na kasaysaysan ng bansa ang siyang naglalakbay at nakikipagsapalaran sa buhay.

________3. Ang pangunahing tauhan sa epiko ang siyang nagtatalaga sa kaniyang sarili upang maging bayani.

________4. Kailangang magkaroon ang bayani o pangunahing tauhan ng suliraning pagsisikapan niyang lutasin sa kabila ng mga hadlang o sagabal.

________5. Hindi maituturing na bayani ang isang pangunahing tauhan kung siya ay karaniwan lamang, kahit pa mamuno siya ng isang kapulungan at magtagumpay laban sa sinumang kaaway.

## Sanggunian


Panitikang Pandaigdig, Filipino Modyul para sa Mag-aaral,Kagawaran ng Edukasyon

http://filipino10niwarville.blogspot.com/2015/07/epiko-ni-gilgamesh.html


## Susi sa Pagwawasto

**Susi sa Pagwawasto:**

| **Panimulang Pagsubok** | **Pangwakas na Pagsusulit** |
|---|---|
| 1. C | 1. Mali |
| 2. D | 2. Tama |
| 3. D | 3. Mali |
| 4. C | 4. Tama |
| 5. D | 5. Mali |

**Balik-Tanaw**

Maraming maaaring kasagutan batay sa naging pagtalakay ng guro.

**Gawain 1 at 2**

Maraming maaaring kasagutan ang mga mag-aaral. Ang paliwanag ay kailangang may kaugnayan sa ibinigay na katangian.

**Gawain 3**

Nakabatay ang sagot ng mga mag-aaral sa kanilang pipiliing personalidad mula sa Kanlurang Asya.

**Pag-alam sa Natutuhan**

Iba-iba ang magiging kasagutan ng mga mag-aaral batay sa kung ano ang kanilang naising tauhan